



# Pediatric Spinal Cord Injury

Ang spinal cord injury sa mga bata ay nagdudulot ng mas mabigat na pakiramdam para sa mga pamilya. Pero sanhi man ng trauma o medikal na kondisyon, ang paralysis ay hindi dapat bigyang limitasyon sa buhay ng bata. Ang pag-uunawa kung ano ang dapat asahan sa mga unang araw makalipas ma-diagnosis ay makakatulong sa mga magulang at caregiver na makapagsimula na planuhin ang daan patungo sa paggaling at isang bagong normal.



## TANONG: Ano ang pangyayari at epekto ng pediatric spinal cord injury?

Ang spinal cord injury sa mga indibidwal na mas bata sa edad na 20 taong gulang ay mas

1 Bumisita sa <https://www.christopherreeve.org/tl/international/tagalog-hub> para sa mga mapagkukuhanan ng impormasyon o tulong

mababa ang rate kaysa sa pinsala sa mga adult, na sumasaklaw sa humigit-kumulang sa 20% ng lahat ng mga traumatic na pinsala sa bawat taon. Ang mga mas bata sa edad na 15 taong gulang ay nasa 2% - 5% ng mga pinsalang ito, habang halos 14% - 18% ng mga pinsala ay nangyayari sa mga 16-20 taong gulang. Ang mga teenager na batang lalaki ang pinakamadalas na tinatamaan. Ang pangunahing sanhi ng pinsala sa mga bata at adolescent ay aksidente sa kotse, pero ang iba pang mga traumatic na pangyayari tulad ng pagkahulog, mga injury sa sports, karahasan dulot ng baril, at pinsala sa cervical region ng spine habang ipinapanganak ay maaari rin magresulta sa pinsala. Ang non-traumatic na mga sanhi ng pediatric spinal cord injury ay kinabibilangan ng mga medikal na kondisyon tulad ng acute flaccid myelitis, isang bihirang neurological disorder na nakaka-apekto sa nervous system; ang spina bifida, isang neural tube na depekto sa panganganak na nagreresulta sa di kumpletong pagsasara ng spinal column; at transverse myelitis, isang inflammation ng spinal cord.

### **TANONG: Paano nakikilala ang sakit na pediatric spinal cord injury?**

Ang physical examination ay gagawin para tasahin ang mga sintomas at kilalanin ang nawalang function at/o pandamdang (sensation). Ang Computed tomography (CT) scans and magnetic resonance imaging (MRI) ay ginagamit para makilala ang pinsala sa buto, organ, o tissue na sanhi ng pinsala.

Ang mga bata o adolescent na naaksidente sa sasakyan, o nakatamo ng mga pinsala habang naglalaro ng sports, nahulog, o sa mga aktibidad tulad ng diving o trampolining, ay dapat parating tasahin para sa spinal cord injuries. Ang mga hudyat ng pinsala ay kinabibilangan ng spinal pain, pagkahina o nawalang pandamdang sa mga kamay at paa, di regular na blood pressure, pamamawis, pangangaligkig, gastrointestinal dysfunction, at incontinence.

Kinakailangan ang pagdagdag na pag-aalaga sa pag-diagnose ng pediatric spinal cord injury. Para sa ilang mga pinsala na umaabot o nakaka-apekto sa spinal cord ng bata pero hindi nababali ang vertebrae, ang mga abnormality ay maaaring di makita sa mga diagnostic na imahe. Kilala bilang “spinal cord injury without radiographic abnormality” (SCIWORA,) maaari itong maganap sa hindi masyado matinding pinsala o may kinalaman sa sports na trauma. At, halos 25% ng mga bata na may spinal cord injury ay nakakaranas ng pagkakaantala sa pagsisimula ng mga sintomas na mula sa 30 minuto hanggang apat na araw makalipas mapinsala, na ginagawang mas mahirap ma-diagnose.

### **TANONG: Ano-ano ang mga paggagamot na dapat asahan ng mga pamilya?**

Ang paggagamot ay depende sa level at kalubhaan ng pinsala. Ang steroids ay maaaring ibigay agad para mabawasan ang pamamaga sa palibot ng cord. Maaaring kailangan rin operahan para maibsan ang presyon at/o mapatatag ang spinal column. Para sa mga pinsala sa cervical region, isang mechanical ventilator ang kinakailangan para makatulong na makahinga ang bata. Kasunod ng paunang pag-aalaga, ang pangmatagalang rehabilitasyon ay mangangailangan ng occupational at physical therapy na naka-sentro sa pagbabalik ng hangga't maaari ay maraming function at independensiya.

### **TANONG: Aling mga espesyalista ang magiging bahagi ng medical team ng aming anak?**

Isang interdisciplinary team ng mga healthcare provider ay makikipagtulungan sa mga pamilya para gamutin ang maraming mga pisikal at emotional na kahirapan sanhi ng mga spinal cord injury. Isang physiatrist – isang doktor na gumagamot sa mga kondisyon na nakaka-apekto sa paggana ng utak, spine, mga buto, o joints at nakatuon sa rehabilitation – ay maaaring mamahala sa pag-aalaga. Ang iba pang mga miyembro ng team ay marahil na may makakasamang physical therapist na nakatuon sa pagpapalakas ng mobility at koordinasyon ng katawan; isang occupational therapist na tutulong sa batang muling matutunan ang mga pang-araw araw na gawain tulad ng pagbibihis, paliligo, at pagkain; isang speech language pathologist para sa mga isyu sa paglunok, at isang social worker na tutulong sa mga magulang at caregiver na alamin ang mga dapat gawin sa mga insurance policy, mga support service, at pag-transisyon sa bahay.

**TANONG: May anumang mga komplikasyon ba o mga secondary condition na tiyak na nakaka-apekto sa mga batang nabubuhay ng may mga spinal cord injury?**

Ang Scoliosis, isang abnormal na pagbaluktot ng spine, ay nangyayari sa maraming mga bata na napinsala bago sila umabot sa edad ng puberty. Ang limitadong kakayahan ng pantog o bladder ay maaaring magdulot ng incontinence para sa mga batang napinsala sa murang edad at ang pagkokontrola ng paggana ng pantog para sa kahirapang mapigilan o makontrol ng ihi o ang kakayahan na ubusin ang laman ng pantog ay magbibigay ng mabuting kalusugan sa pantog hanggang maging adult. At habang ang depression ay maaaring maka-apekto sa parehong mga bata at adolescent, ang mga teenager ay lalong nanganganib dito dahil sila ay naguguluhhan sa humigit na pag-asa sa iba sa isang developmental na edad na kung saan handa na silang mag-isa.

**TANONG: May mga clinical trial ba na tiyak sa pediatric spinal cord injury?**

Oo. Ang mga clinical trial na may kaugnayan sa spinal cord injury sa pediatric population ay matatagpuan sa pamamagitan ng database na pinamamahalaan ng U.S. National Library of Medicine sa [www.ClinicalTrials.gov](http://www.ClinicalTrials.gov).

**TANONG: Aling mga ospital at rehabilitation center ang dalubhasa sa pediatric spinal cord injury?**

Ang pangunahing mga children's hospital ay may nakalaan na mga rehabilitation program para sa mga bata na may spinal cord injuries. Ang mga specialized na rehabilitation program para sa mga adolescent ay matatagpuan sa mga medical center na may komprehensibong spinal cord injury treatment program tulad ng Shepherd Center in Atlanta, GA at Craig Hospital in Englewood, CO. Maraming mga adult rehabilitation center ay tumatanggap rin ng mga teen, pero ang paggagamot ay dapat pinasadya sa tiyak na pisikal at developmental na pangangailangan ng nasabing grupo ng edad na ito. Mayroong tatlong Shriners hospital na dalubhasa sa spinal cord injury na matatagpuan sa Philadelphia, Chicago at Sacramento.

**TANONG: Paano ko dapat piliin ang rehabilitation facility para sa aking anak?**

Ang pagpili ng pangmatagalang rehabilitation facility sa pamamagitan ng pananaliksik ng karanasan nito sa pediatric spinal cord injury. Ano ang mga mapagkukuhanan ko ng tulong at impormasyon na nakatuon sa bata at adolescent at mga suporta sa pamilya na tumutukoy sa programa? Ang pabahay ba sa pamilya ay available malapit sa ospital? May mga tutor ba o onsite

school programa para sa mga bata at kabataan para mapagpatuloy nila ang kanilang edukasyon habang sila ay nagpapagaling? Para sa teens na nakikinabang sa paraan na kung saan kasama ang mga peers, alamin kung ilang mga adolescent ang karaniwang pinapayagang sumali sa programa kada taon? Hilinging makipag-usap sa iba pang mga pamilya na ang mga anak ay kasalukuyan o dati nang pasyente ng pasilidad?

Ang National Paralysis Resource Center ng Reeve Foundation ay gumawa ng isang joint booklet kasama ng Shepherd Center “Restoring Hope: Preparing for Rehabilitation After Spinal Cord Injury“ na may kasamang ilang mga checklist ng mga tanong na dapat ikonsidera kapag pumipili ng rehabilitation facility. Maaari itong makita sa <https://s3.amazonaws.com/reeve-assets-production/Restoring-Hope-Booklet-FINAL-4-20-20.pdf> o tumawag sa 800-539-7309 at hilingin sa Information Specialist ng isang libreng naka-print na kopya.

### **TANONG: Ano ang mga mapagkukuhanan ng impormasyon na available sa mga pamilya at batang namumuhay nang may spinal cord injury?**

Ang mga support groups ay maaaring makatulong sa mga napinsalang bata at adolescent at mga pamilya nito na umangkop sa mga bagong hamon at matagumpay na mapagpatuloy na makasali at magkaroon ng mga aktibong buhay. Tingnan sa mga medical team para malaman kung ano ang available sa iyong ospital o rehabilitation facility. Ang National Paralysis Resource Center (NPRC) ay maaaring makatulong na ikonekta ang mga pamilya sa mga lokal na mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong at ang mga Information Specialist ay masasagot ng mabuti ang anumang mga tanong tungkol sa pamumuhay ng may paralysis, mula sa paano magpatuloy sa mga dapat gawin para sa Medicaid para maangkop ang tahanan sanhi ng bagong pinsala. Ang mga buwanang webinar ng NPRC kasama si Nurse Linda ay nagbibigay rin ng mga regular na tip sa pamamahala ng kalusugan habang namumuhay nang may paralysis. Si Nurse Linda ay nagsusulat ng lingguhan na blog para sa komunidad ng may paralysis na nagwawakas sa mga pediatric na konsiderasyon, inilalaan rin niya ang buong blog sa mga pediatric na isyu ng isang beses sa isang buwan. Ang mga blog ni Nurse Linda ay mababasa dito: <https://www.christopherreeve.org/blog/author/NurseLinda>. Maaari rin i-download ng mga pamilya ang mga libreng wallet card ng Reeve Foundation na nagbibigay ng impormasyon para matulungan ang mga medikal na professional sa kaganapan ng emergency tulad ng autonomic dysreflexia, isang nakakamatay na kondisyon na sanhi ngisang mapeligrong pagtaas ng blood pressure. Isang pediatric na version ng autonomic dysreflexia card ay matatagpuan sa: <https://www.christopherreeve.org/tl/international/tagalog-hub/mga-wallet-kard>.

Ang mga impormasyon para sa mga caregiver ay matatagpuan sa Paralysis Resource Guide (<https://www.christopherreeve.org/tl/international/tagalog-hub/gabay-sa-mapagkukunan-ng-mga-paralysis>) at sa Reeve Foundation’s factsheet on caregiving (<https://s3.amazonaws.com/reeve-assets-production/Caregivers-PCAs-Respite-2-21-1.pdf>). Ang Reeve Foundation ay naghahandog ng peer mentoring program na tinatawag na Peer & Family Support Program. Ang PFSP ay nagkaloob ng **mentoring sa pagitan ng mga caregiver** ([www.ChristopherReeve.org/peer](http://www.ChristopherReeve.org/peer)) at pati na rin **virtual support groups para sa mga caregiver** (<https://www.christopherreeve.org/get-support/reeve-foundation-virtual-support-group>).

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Model Systems Knowledge Translation Center, Merck



Manual, Stanford Children's Health, Northwest Regional Spinal Cord Injury System at the University of Washington, C.S. Mott Children's Hospital at the University of Michigan, Centers for Disease Control and Prevention.

### **Gusto mong may makausap?**

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa <https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form>

**Ang fact sheet na ito ay para sa adult na gustong higit pang matutunan ang tungkol sa pediatric SCI. Para sa mga material tungkol sa SCI sa mga antas sa pagbabasa ng mga bata, mangyaring hilingin ang aming fact sheet na tinatawag na Children and Teen Books & Videos.**

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayan na gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na \$8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.